REP. BROSAS. Yes. Now, my second question, Mr. Speaker, distinguished colleague, is about the circular that mandates that members who failed to pay the premium on time shall be required to pay all his contributions with a monthly compound interest. Iyan po iyong basic, actually iyan iyong inaangal talaga ng mga migrante at mga OFWs natin. Bukod sa three percent, mayroon silang hinaharap na kailangan magbayad sila o nire-require silang magbayad ng mga missed contributions with one big compound interest.

Now, kapag hindi sila nakapagbayad noon, nakalagay din doon na hindi sila mabibigyan ng OEC or Overseas Employment Certificate. Now, iyan po iyong gusto nating iklaro, my distinguished colleague and Mr. Speaker. Iyong requirement for the mandatory Overseas Employment Certificate, na kailangan makapagbayad muna siguro sila para sila ay magkaroon nito, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. SALO. Mr. Speaker, isang paglilinaw po siguro, Mr. Speaker, na iyong binabanggit po nila na compound interest, iyong penalties, nandoon po sa batas po iyon, pero iyong pagbabayad o kailangan nilang bayaran iyon bago mag-issue ng OEC, wala po iyon doon sa batas. Lumabas na lang po iyan, base sa mga nabasa ko, doon sa arrangement ng PhilHealth with the POEA.

Isa rin nga sa mga ipinanawagan ko nga iyan, bakit nga ba kailangan silang singilin? Lalo na during these times na wala rin silang trabaho, kasi iyan din po iyong concern po ng ilan na sinisingil po sila noong kabuuan kahit nang umuwi po sila sa Pilipinas. Even sa panahon na nandito po sila sa Pilipinas at wala po silang trabaho at nag-aantay po sila na magkaroon po sila ng bagong kontrata, sinisingil pa rin po sila ng PhilHealth. So, ito

iyong mga bagay na dapat na ayusin, dapat na itama ng PhilHealth.

REP. BROSAS. Yes, yes, Mr. Speaker. Iyan po iyong tanong natin, ano. Kaya pinapa-review din natin talaga itong batas na Universal Health Care, particularly the National Health Insurance Program, tapos iyong contributions. Ito po iyong mga gusto nating malinawan kasi lumalabas, halimbawa, sa panahon ngayon, panahon ng pandemya, tapos magsisingil at magtataas ng premium o rate hike. Hindi naman po iyon makatao at saka hindi naman po iyon makatarungan sa kasalukuyan dahil hindi naman kakayanin ng ating mga overseas Filipino workers ngayon na inaalala pa nila iyong kanilang kalusugan, inaalala din nila iyong kalusugan ng kanilang mga kaanak dito sa Pilipinas.

Plus, in fact, isa din sa mga tanong nila ay covered naman sila ng health insurance sa labas e. So, doble ang ginagawa na pagsingil sa kanila dahil kailangan din nilang magbigay ng health insurance dito sa bansa natin samantalang hindi naman nila iyon magagamit dahil hindi naman covered ng PhilHealth iyong mga iba pang mga health benefits or packages sa ibang bansa, Mr. Speaker, distinguished colleague.

REP. SALO. Mr. Speaker, uulitin po natin. Paulit-ulit nating binabanggit po ito, na mas maganda po talaga kung maiintindihan ninyo ng mas malalim kung ano iyong pakahulugan po ng Universal Health Care. Uunahin ko pong sagutin iyong concern po ninyo na kailangan repasuhin iyong batas. I stand by my position that wala pong problema iyong batas. Ang may problema, doon sa IRR at pagdating po doon sa implementation na ginagawa ng PhilHealth.

Kasi kayo mismo ang nagsasabi na, yes, ngayon may pandemya po tayo, may moratorium tayo actually, under the Bayanihan To Heal As One Act, para doon sa pag-increase, para doon sa pagbayad. Bakit kailangan mong isabay po ito eh increase po ito? Hindi ba kasama iyon in the first place doon sa moratorium na nakasaad doon sa Bayanihan Act na ipinasa po natin? Kasama po iyon. So, supposedly, hindi po sila dapat mag-increase. Kaya sinasabi ko, it may actually be untimely. Number two, it may actually be even callous. Sa panahon na naghihirap iyong mga tao, doon tayo makikipagsabayan ng pagsingil ng mas malaki mula doon sa mga tao. Pero ang problema po doon, hindi po iyong batas, kung hindi iyong proseso na ginagawa po noong mga nakaupo po doon na nag-implement po noong batas. Iyon ang sinasabi po natin.

Doon naman po sa concern ninyo, Mr. Speaker, na, yes, hindi nila personal na mapapakinabangan iyong kanilang binabanggit, iyong pagbayad po nila, pero intindihin po natin kung ano po iyong konsepto, kung ano iyong pilosopiya dito na nakapaloob sa Universal Health Care—lahat ng Pilipino, kasama po iyong mga kamag-anak po nila na nandito, nanay, tatay po nila sa

Pilipinas, kadalasan wala po silang ibinabayad din sa PhilHealth pero covered po sila. So, ang konsepto po dito kasi sa Universal Health Care po natin, lahat po ng may kakayanan mag-contribute kasi, at the end of the day, matatapos din po iyong kontrata po nila doon sa abroad. So, yes, hindi po nila napakikinabangan ngayon iyong PhilHealth personally pero pagkatapos po ng kanilang kontrata po doon, na kadalasan tumatagal lang po naman po, on the average, ng three to four times iyong kanilang contract, pagbalik po nila dito, unemployed po sila and yet, they will still be covered by PhilHealth. Bakit? Kasi iyong mga tao na may kakayanan na magbayad at that particular point in time, sila naman po ang magso-shoulder po sa kanila.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). With the indulgence ...

REP. BROSAS. Yes, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). With the indulgence of the Lady and also of the Gentleman from KABAYAN, the Chair believes that the time of the distinguished Gentleman from KABAYAN has expired already.

The Majority Leader is recognized.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, just to wind.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). Yes, proceed please.

REP. BROSAS. Just to wind up, I would like to finally say that we beg to disagree with the author, with our distinguished colleague, because we, especially in the Makabayan bloc, believe that there are sections in the law that need to be reviewed. Section 4, for example, mentions the “migrant workers, including their qualified dependents.” We should put qualified dependents with PhilHealth, Philippine health packages, and we should also put the employer’s share. We believe that there should be an employer’s share. We should put that in the law.

Lastly, Section 10, Premium Contributions, we would like to have a technical working group, for example, so that we can also be lenient kapag mayroon pong mga ganitong pandemya. So, mayroon pong ganoong mga leeway.

So, if you were saying na itong Universal Health Care Law, kung sinasabi po ng ating distinguished colleague na exact ito o tamang-tama ito, sa tingin po namin hindi dahil nga hindi nga siya umangkop sa panahon ngayon, and there are points na kailangan po nating pag-usapan at i-review.

Thank you very much, Mr. Speaker. Thank you very much, distinguished colleague.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). Thank you.

REP. SALO. Mr. Speaker, puwede ba akong mag-wind up para sagutin lang po iyong mga concerns na binanggit po kanina?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). The distinguished ...

REP. SALO. Mr. Speaker, ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). ... Gentleman from KABAYAN, ...

REP. SALO. ... tama po iyong binabanggit po natin, Mr. Speaker, lahat po ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). The distinguished ...

REP. SALO. ... ng mga concerns po nila, kaya pong ayusin po iyon doon sa IRR. Hindi po kailangang baguhin iyong batas.

REP. PALMA. Mr. Speaker, with the indulgence...

REP. SALO. For example, iyon pong share ng employers, kahit sa local employment, wala naman po iyan sa batas. It is just in the circulars po ng PhilHealth, and yet ini-implement po iyan na 50-50 share. So, hindi po natin kakailanganin na baguhin pa iyong batas para i-address lang po iyong concerns po nila. Pagdating po sa pandemic, may mga general principles of law po tayo na mag-a-apply without necessarily changing o amending po iyong batas ng UHC.

Muli, maraming salamat, Mr. Speaker, sa pagkakataon na ibinigay po ninyo at uulitin po natin: Universal Health Care, ito po iyong sagot po sa pangangailangan po ng bawat Pilipino upang magkaroon po tayo ng mas maayos na kaisipan sa ating concerns sa ating kalusugan, para sa lahat po, sa bawat Pilipino.

Maraming salamat po, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). Maraming salamat din po sa inyo, Gentleman from the KABAYAN Party-List.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, we beg the indulgence of our colleagues, we are about to make a motion to extend the Privilege Hour. So, with that, anyway, Mr. Speaker, I move that we extend the Privilege Hour for another one hour.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). Is there any objection to the motion? (*Silence*) The Chair hears none; the Privilege Hour is hereby extended by ...

REP. PALMA. Thank you, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). ... 30 minutes...

REP. PALMA. One hour.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). ...to one hour.

REP. PALMA. Yes, Mr. Speaker. Thank you.

Mr. Speaker, I move that we recognize Hon. Alberto “Bobby” D. Pacquiao of the OFW FAMILY Party-List, to make a simple manifestation with regard to the speech of Hon. Ron Salo.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). Honorable Pacquiao is recognized for his manifestation.

MANIFESTATION OF REP. PACQUIAO (A.)

REP. PACQUIAO (A.). Mr. Speaker, magandang hapon po sa ating lahat, lalong-lalo na sa aking mga kasamahan diyang sa Kongreso.

Mr. Speaker, gusto ko lang po i-put on record that the OFW FAMILY Party-List filed, on May 4, 2020, House Resolution No. 00817. Nais ng resolusyon na ito na agarang ma-review ang Republic Act No. 11223 or the Universal Health Care Act—RA No. 11223—particularly ang probisyon na nag-oobliga sa ating mga OFWs na magbayad ng premium contribution sa PhilHealth, Mr. Speaker.

Tutol po tayo sa malaking premium contribution na nadagdag na pasanin ng ating mga OFWs. Ito po ang kasalukuyan nakasalang sa Committee on Rules, Mr. Speaker. Sa ating lahat na nakikinig, kami po ay gumagawa po ng paraan para ma-resolve itong health care, sa PhilHealth care po na ito.

Mr. Speaker, magandang hapon po and salamat po. God bless.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). Maraming salamat din po sa inyo.

The Majority Leader is recognized.

REP. NIETO. Mr. Speaker, I move that we refer the speech of Hon. Ron Salo, including the interpellations and manifestation, to the Committee on Rules for its appropriate action.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). Is there any objection to the motion? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is hereby approved.

The speech of the distinguished Gentleman from the KABAYAN Party-List, including all the interpellations and other remarks, are hereby referred to the Committee on Rules.

The Majority Leader is recognized.

REP. ZUBIRI. Mr. Speaker, I now move that the Gentleman from BAYAN MUNA, Rep. Carlos Isagani T. Zarate, be recognized to avail of the Privilege Hour, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). The distinguished Gentleman from the BAYAN MUNA Party-List is hereby recognized. Please proceed.

REP. PALMA. Your Honor, the mic of Honorable Zarate is on mute. Mr. Speaker, may we advise Hon. Caloy Zarate that his microphone is still on mute.

REP. ZARATE. Walang sound. Okay. Naririnig ninyo na po ba ako ngayon?

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). You may proceed now.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. ZARATE

REP. ZARATE. Maraming salamat, G. Ispiker.

Noong Linggo po, kahit na nasa gitna ng patuloy pa rin na pananalasa ng pandemyang COVID-19 sa buong mundo, inalala pa rin natin, ng marami sa atin, ang ating mga mahal na ina at ang naging mahalagang papel na ginampanan nila sa ating buhay, ang papel na kanilang ginampanan para kung paanong ngayong araw na ito ay nandito tayo bilang mga Kinatawan ng ating mamamayan. Dahil malilimutan nga ba natin ang ating mga ina, G. Ispiker, kung sa kanilang mga sinapupunan tayo nagmula at sila rin ang nagluwal sa atin sa mundong ito? Marahil nga ay hindi natin sila malilimutan.

Kaya noong Linggo, kahit pa man may mga limitasyon, marami pa rin sa atin ang kasama mismo ang ating mga ina para ipagdiwang ang araw na iyon. Subalit noong Linggo rin, G. Ispiker, marami sa atin ang hindi na rin nakasama ang ating mga mahal na ina dahil marahil sila ay nasa ibang lugar at nalimitahan ng lockdown, at para rin sa marami, dahil namayapa na ang kanilang mga ina.

Isa sa hindi na nakasama noong Linggo, G. Ispiker, ang kanilang mahal na ina ay ang pamilyang Macusang ng Montevista, Davao de Oro. Noong ika-4 ng Mayo, si Adelaida “Nanay Ede” Macusang, 62 taong gulang, ay pumanaw dahil sa malubhang sakit habang siya ay nasa piitan. Siya ay isang person deprived of liberty or PDL at isa rin siyang political prisoner. Tulad nang

sinapit ng maraming bilanggo sa Pilipinas, G. Ispiker, si Nanay Ede, bagamat may malalang sakit sa puso at sa bato, ay hindi nakatanggap ng karampatang atensyong medikal. Kung sabagay, sa laya nga ay kulang ang pagamutan, ano pa kaya sa ating mga bilangguan na labis ang siksikan, walang sapat na doktor at nurse, at wala ring sapat na gamit?

Ngunit, G. Ispiker, mga kapwa ko Mambabatas, ang trahedyang pagkamatay ni Nanay Ede ay higit pang pinabigat ng mga sirkumstansya kung bakit ba siya nasa loob ng kulungan, kung bakit ba siya ibinilanggo. Si Nanay Ede, G. Ispiker, ay miyembro ng Montevista Farmers Association at isa sa mga namumunong organisador ng mga kapwa niya magsasaka sa Davao de Oro o ang dating nakilala nating Compostela Valley. Isa sa pinakaaping sektor ng ating lipunan ang mga magsasaka, na sa kabila ng kanilang napakalaking halaga sa buhay ng bawat isang Pilipino, lalung-lalo na sa panahong ito ng krisis, na kumain ng mga punla, ng mga bunga ng kanilang pagod at pawis.

Noong 2018 ay hinuli at inaresto si Nanay Ede ng mga elemento ng militar sa kaniyang tahanan. Kinasuhan si Nanay Ede ng illegal possession of firearms and explosives, ang padron ng kaso ng katulad niyang organisador na magsasaka at iba pang sinampahan ng gawa-gawang kaso upang patigilin siya sa kaniyang minahal ng gawain na organisahin ang mga magsasaka upang ipaglaban ang kanilang mga karapatan sa lupa. Naging mahalaga ang papel ni Nanay Ede sa pangunguna sa mga kumpanya para sa libreng pamamahagi ng lupa at iba pang laban sa mga neo-liberal na atake sa agrikultura. Isa si Nanay Ede sa higit 600 na bilangong pulitikal sa kasalukuyan sa iba't ibang kulungan sa ating bansa, G. Ispiker, at siya ang pinakaunang political prisoner na pumanaw sa loob ng nasa panahon tayo ng pandemya ng COVID-19.

G. Ispiker, mga kapwa ko mambabatas, ang usapin ng pagkalat ng nakamamatay na sakit na ito ay umaabot na sa pagpapalaya sa mga bilanggo sa iba't ibang panig ng daigdig. Maging ang United Nations ay nananawagan sa pagpapalaya ng mga bilanggo, lalung-lalo na ang mga tinatawag na vulnerable, ang mga nakakatanda, ang mga buntis, ang mga bata, at iba pang mga bulnerableng populasyon ng ating mga piitan. Ang pagpapaluwag sa ating mga kulungan ay napakahalaga sa kalagayan na ang Pilipinas ay ang may pinakamataas na congestion rate sa buong mundo, nasa 605 percent. Ang siksikang mga kulungan, kasama na ang labis na kakulangan ng gamit pangkalusugan, kabilang na ang kakulangan din sa pagkain, malinis na tubig at maging sabon, ay nagtala ng mas mataas na death rate o tantos ng pagkamatay sa mga bilanggo sa ating kulungan. Liban pa rito, 75.1 percent ng mga inmate na nasa loob ng kulungan ngayon ay ang mga tinatawag na "pre-trial detainees." Ibig sabihin, hindi pa sila konbiktado sa mga sala o sa mga krimen na

isinampa sa kanila ngunit sa kasamaang palad, sila ay nakasadlak na sa hindi makataong kalagayan ng ating mga kulungan.

G. Ispiker, ayon na mismo sa Bureau of Jail Management and Penology o BJMP, ang namamatay sa loob ng mga selda ay nasa 300 hanggang 800 sa isang taon. Ibig sabihin, isa hanggang dalawa ang namamatay sa kulungan. Imposible ang physical distancing, isolation at iba pang paraan upang mapigil ang pagkalat ng coronavirus sa mga bilangguan sa ating bansa. Halimbawa, G. Ispiker, ang kapasidad ng Cebu City Jail ay nasa 523 lamang pero ang nakakulong ngayon sa Cebu City Jail ay umaabot na sa 6,604 inmates na nagsisiksikan dito. Tumataginting na 1,262 percent ang occupancy level ng Cebu City Jail. Noong katapusan nga ng Abril, April 30, ay 332 inmates na ang naitalang may impeksiyon ng coronavirus na nagdulot ng sakit na COVID-19. Samu't saring apela, sulat at panawagan na nakarating na rin sa Korte Suprema at iba pang mga ahensiya sa pamahalaan, G. Ispiker, upang payagan ang pagpapalaya ng mga bilanggo sa ngalan ng karapatang pantao at kompasyon. Ito naman ay dininig na ng Kamara de Representante at ng Korte Suprema na kalaunan ay nagpalabas ng mga regulasyon na tinataya daw na makapagpapalaya ng halos 10,000 persons deprived of liberty o mga nakakulong. Gayunpaman, batay sa mabilis na pagkalat ng virus, G. Ispiker, at sa malubhang kalagayan ng ating mga bilangguan, ang proseso ng pagpapalaya sa mga bilanggo ay nananatili pa ring mabagal hanggang sa kasalukuyan.

Sa ulat na ibinigay sa Kongreso, sinabi ni Pangulong Duterte na nasa proseso na ang Bureau of Pardons and Parole at ang Bureau of Corrections ng pagsasaayos ng prison records. Nasa 200 pa lamang na persons deprived of liberty o mga bilanggo ang nasasailalim ng review at 100 PDL pa lamang ang matatalakay kada linggo. Liban pa rito, G. Ispiker, sa inilabas na kautusan para pababain ang mga bail sa halagang P20,000, ito ay hindi pa rin sapat dahil ang P20,000 ay mataas pa rin, lalo na sa mga mahihirap na mga bilanggo, at karamihan dito ay malaking bahagi ng ating populasyon, na ang ating mga bilanggo ay mahihirap. Mananatili pa rin sila sa bilangguan dahil sa kawalan ng salapi na pambayad ng piyansa dahil dito.

Gayundin, G. Ispiker, hindi pa rin makakasali ang katulad ni Nanay Ede sa mga palalayain kung siya ay nabubuhay pa. Tulad ng mga kagaya niyang bilangong pulitikal, bagamat may edad na at may mga malubhang sakit, ay mabibigat na non-bailable na mga krimen o kaso ang ipinataw sa kanila. Sa kaso ni Nanay Ede, ang ipinataw o ang ipinatong na kaso sa kaniya ay illegal possession of explosives na isang non-bailable offense. Kaya naman ang panawagan natin sa Kamara de Representante, sa Kapulungang ito, luwagan pa ang mga tarangkahan para sa pagpapalaya ng mga bilanggo. Ito ay sa ngalan ng ating pinagsaluhang pagkatao, sa

kolektibong paglaban sa COVID-19 at sa ngalan ng hustisya.

G. Ispiker, sa mga institusyon ng ating lipunan, sa ehekutibo, lehislatura at maging sa hudikatura, ang ating panawagan sa panahong ito ng malubhang krisis na dala ng pandemya ng COVID-19, nananawagan tayo na bigyan ng mas mabigat na pagkiling, ng mga mas makataong mga konsiderasyon, upang maisalba at mailigtas natin sa kapahamakan ang ating mga kababayan, o kung sila man ay nasa loob ng mga piitan o kulungan, o kung sila man ay nasa labas subalit nakipagbuno naman sa kundisyong mala-piitan dahil sa nangyayaring lockdown or community quarantine at nakikipagbuno lalo't higit sa kahirapan ng buhay.

Kaya, G. Ispiker, kung totoo man na “We Heal As One,” hindi lingid dito ang mga Pilipinong nakapiit at sa mga kawani na nakaatas sa kanila—sila rin ay hindi dapat dapuan ng sakit. Wala dapat sintensiyang COVID-19 ang dapat sapitin kahit ninuman, G. Ispiker. Kaya muli, G. Ispiker, bilang panghuli, ang ating panawagan: Palayain ang mga bulnerableng populasyon sa loob ng ating mga bilangguan! Palayain ang mga bilanggong pulitikal!

Maraming salamat po, G. Ispiker, at magandang hapon po sa ating lahat.

REP. ZUBIRI. Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). Maraming salamat din po sa inyo.

The Majority Leader is recognized.

REP. ZUBIRI. Mr. Speaker, I move that we refer the speech of Hon. Carlos Isagani T. Zarate to the Committee on Rules for its appropriate action.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the speech of the distinguished Gentleman from BAYAN MUNA Party-List is hereby referred to the Committee on Rules.

Yes, the Majority Leader is recognized.

REP. ZUBIRI, Mr. Speaker, I now move that the Gentleman from Baguio City, Hon. Mark O. Go, be recognized to avail of the Privilege Hour.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). The Gentleman from Baguio City is hereby recognized. Please proceed.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. GO (M.)

REP. GO (M.). Thank you, Mr. Speaker.

I stand on a matter of personal and collective

privilege to bring forward the state and aftermath of Philippine tertiary education in this time of the COVID-19 pandemic.

Mr. Speaker, Majority Leader, my esteemed colleagues in the House of Representatives, I wish you all a good and productive afternoon as most of us are kept safe within the walls of our homes during this unusual time brought about by the crisis. Needless to say, the effects of the COVID-19 pandemic have changed the world in the past few months, disrupting the way we live and greatly challenging our perception of normal. It has truly been a trying period not just for our nation but for the rest of the world as systems, governments, businesses and people struggle to adapt to the difficulties of the situation and the uncertainties that lie ahead of us. No one could have truly expected the onslaught of the pandemic and how it would interfere with families, homes and communities.

As the health experts say, the crisis, the scale and the extent of how it has challenged our society as well as our health care system, is unprecedented. Nevertheless, the situation is not hopeless. While this public health crisis may be a bleak period in our lives, the valiant efforts of different sectors in our community who work together provide us hope from our health care workers at the frontlines of the pandemic.

The general public which had mobilized for donations of PPEs, food, bikes and other necessities as well as our tertiary education sector that lent their facilities to be converted into the much-needed quarantine areas, and donated their skills and resources to aid in the battle against the virus by producing additional face masks and shields, alcohol and disinfecting booths—this ties in with another realization brought about by this pandemic: one consequence causes a ripple effect and spreads to others, for better or for worse.

As legislators, we have been relentlessly navigating through uncharted territory as we work towards providing real and significant solutions that will guide the nation in this crisis. Understandably, much of the government’s efforts have been geared toward augmenting the resources of our health care system, its facilities and personnel whose needs are becoming more imminent by the hour as they deal with the deluge of cases in hospitals whose capacities are way overbooked, all the while taking precautionary measures for their own safety and welfare. However, there is no escaping the reality that this public health threat has crippled not just our health care system but other sectors such as education.

Mr. Speaker, since the quarantine has been implemented, schools, colleges and universities nationwide had suddenly grounded to a halt as classes were suspended and students were sent home, while faculty and personnel struggled with the necessary

adjustments that were needed. The impending risk of mass transmission, a prolonged quarantine period and mandatory physical distancing meant an entire interruption of our educational system and an impending paradigm shift in methods of instruction, among other pertinent matters. Educators across the nation brought forth some very valid concerns: Do we have to end the semester now? When will we reopen for classes? How do we sustain faculty members, administration personnel and workers in our employ while classes are suspended in the midst of the lockdown?

Even while confined within the corners of my home, as Chair of the House Committee on Higher and Technical Education, I have constantly kept in touch with other committee members, stakeholders, and our allied agencies such as CHED and TESDA, as consultations were made regarding the issues and challenges they face as institutions, and possible concerns and measures we can undertake in order to address these concerns. I was also present during the UP Board of Regents meeting via Zoom last April 16, as we deliberated on the proposal of the UP President's Advisory Council to end the academic semester. I also called for and presided over a special committee meeting last April 30 where we were able to hear some valuable insights from our stakeholders and valued resource persons as we discussed the current situation surrounding our higher educational institutions and tech-voc institutions in the midst of this crisis.

As these institutions have shared with us some of the most imminent challenges our institutions face, notably our state universities and colleges, and local universities and colleges, they include the lack of technological infrastructure and dedicated ICT funding and facilities in order to carry out online learning, especially for disadvantaged students who live in rural areas and lack access to regular connectivity. There is also the issue of the lack of training among faculty members to facilitate distance learning, as well as the more pressing issue of faculty members and students stranded on campus and abroad in their internships in the midst of the lockdown with very limited resources. This is also notwithstanding university employees and students who have contracted the virus.

Moreover, the financial impact the pandemic has inflicted may also likely see a bigger number of dropouts. Figures show that almost 60,000 students are projected to drop out of school even in our public colleges and universities across the country, as parents' financial incapacities to support their children's education may force the students to look for employment in order to help their families. Meanwhile, our private institutions have expressed their intent and readiness to start distance learning as they grapple with the cessation of their cash flow while the opening of the new academic year remains uncertain, as there is already significant

revenue loss from even moving the opening of the calendar year from June to August or September, as 74 percent of these private schools still use the old academic calendar.

Many of our private schools risk closure as a result of the pandemic, potentially leaving hundreds of thousands of faculty and non-faculty employees jobless and even more students displaced as a result of these closures. Those employed by private schools on a "no-work, no-pay" basis are even more heavily impacted, as well as contractual, part-time, and job order workers of higher education institutions who are not covered by the Social Amelioration Program. Even our technical-vocational institutions or the TVIs have taken a hit with all 4,044 private TVIs across the nation expressing that they have been affected by the quarantine period, along with 16,863 trainers, 3,329 private competency assessors and 1,954 private assessment centers.

According to TESDA, although they have seen a rise in online enrollment during this period, almost 120,000 scholarship slots have been affected as a result of the P2.1 billion pesos worth of scholarship funds being re-appropriated to the SAP. This being said, the CHED and TESDA have reiterated their commitment to supporting our HEIs and tech-voc institutions, with CHED assisting our HEIs in carrying out flexible learning especially in preparation for the next academic year.

Flexible learning denotes a combination of online and offline learning strategies. This would include collaborating with respective LGUs on the delivery of learning modules and other instructional materials, and training faculty to utilize these flexible learning options. CHED will also forge agreements with other government agencies such as the DICT in order to enhance interconnectivity between administrators, faculty, students and staff, as well as working with relevant agencies such as OWWA, DOLE and DFA for the safe return of our students from their internships and on-the-job trainings.

I have always said, time and again, that it has always been my belief that education is the great equalizer. A strong learning foundation that prizes competence, ingenuity and critical thinking is crucial to stronger nation-building, skills that prove even more necessary and pertinent in the face of this pandemic. However, with the current difficulties our public and private institutions face, the role of education as an equalizer is being challenged in these times, as the impediments surrounding resources and infrastructure only serve to further aggravate the already wide inequality gap and learning.

Now, the very sector is at risk of crumbling as schools risk closing, and the JO and the CO workers could be jobless, should the JO hiring ban push through. It is of paramount importance that these concerns are

heard and addressed with urgency. As higher educational institutions have roughly a month left to transition to the new normal in delivering quality higher and tertiary education, concrete action and solutions need to be taken. The impending closure of these private schools, the loss of income for employees across the board, and the massive number of potential dropouts have serious social and economic implications.

It is crucial that we are able to act swiftly and with compassion as we think about the massive number of students and workers in the education sector who may be left hanging. Given the significant findings that transpired during the special committee meeting of the Committee on Higher and Technical Education and all other meetings with the agencies and institutions concerned, and as Chair of the Committee on Higher and Technical Education, I would like to enjoin my esteemed colleagues to swiftly implement and act on recommended interventions and policies that resonate the most with our stakeholders.

It is crucial to establish a special recovery assistance program for our tertiary education sector as our various public and private institutions strive to adapt and recover from the crisis. While private schools may likely be better equipped to carry out online and web-based education, currently only about 20 percent of state universities and colleges are ready for online learning with the majority having limited ICT infrastructures. This will also address our colleges and universities' needs as they shift to flexible learning, mainly in supporting the addition of technological infrastructures especially for our public institutions. The program will seek appropriation for the upgrade or rehabilitation of digital infrastructure of public and private HEIs and our tech-voc institutions as well as administering faculty and trainers' capability building. Moreover, it is also pressing that we establish provisions for assistance and aid for faculty and employees of higher educational institutions and TVIs affected by ECQ whether or not they are covered by the Social Amelioration Program, including part-time and contractual employees. This will also cover employees of private institutions, providing reimbursements and subsidies for these colleges and universities in order to mitigate the impact of the revenue loss.

According to the CHED, P3.6 billion worth of funds for the Tertiary Education Subsidy or TES have been released to help allay students' financial difficulties for the coming school year. While this news is definitely welcome, it is not enough to cover the needs of students as we potentially face close to 60,000 dropouts.

Moreover, the shift to online platforms, even in the blended learning environment, may alienate students from the low-income households who may have limited connectivity. Thus, I would also like to propose the extension of a zero-interest student loan program for

financially distressed students and faculty of public and private institutions which will cover tuition and other school fees, as well as the purchase of necessary electronic devices and connectivity tools to keep themselves abreast of the new learning system.

As majority of our sectors migrate to online platforms in order to adjust to the new normal, it is also prudent for us to help create lending programs for HEIs and TVIs to address their needs and difficulties related to the crisis. Our private colleges and universities generate thousands of jobs nationwide and produce graduates that become part of our local recruitment pool each year contributing to national productivity. Thus, the educational sector is allied with the country's economic interest and it only stands to reason that this sector be integrated with an economic stimulus package that seeks to revive our economic activity by providing support to our nation's entrepreneurs.

Moreover, I would also like to urge my distinguished colleagues to ensure the release of funds already appropriated in the 2020 General Appropriations Act for the programs of the CHED and the TESDA. The road to quality and inclusive education has always been a long battle, and the worldwide pandemic has added to its complications, creating fear and anxiety over our uncertain future. However, as precarious as the situation may be, we cannot afford to be shortsighted in our plans. Our goal is not only to address immediate short-term concerns and to guide the development of policies for colleges and universities as they navigate the pandemic, but also to continue in our goal of creating lasting reforms that would uplift the state and the quality of our tertiary education so it meets the globally relevant standards of the 21st century.

For Congress, it is incumbent upon us not only to advocate for quality education, but also to ensure the welfare of all as the new normal is upon us.

Again, thank you very much at magandang hapon po sa inyong lahat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). The Majority Leader is recognized.

REP. ZUBIRI. Mr. Speaker, I move that we recognize the Lady from KABATAAN Party-List, Hon. Sarah Jane I. Elago, for her interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Estrella). The Lady from KABATAAN Party-List is hereby recognized.

Please proceed.

REP. ELAGO. Maraming salamat, G. Ispiker. First and foremost, I would like to thank the honorable Rep. Mark O. Go, the Chairperson of the Committee on Higher and Technical Education. for standing firm with

tertiary education stakeholders against the proposed 35 percent budget cut of the DBM in the budget allocation of Republic Act No. 10931, Universal Access to Quality Tertiary Education.

Kinakailangan po natin na mariin na manindigan na hindi po pagbawas sa pondo sa edukasyon na apektado rin ng krisis ng COVID-19 pandemic, kung hindi dapat pa ngang dagdagan dahil sa laki at importante ng gampanin nito sa assistance sa ating mga health care frontliners sa pamamagitan ng produksiyon ng iba't ibang tipo ng mga materyales, ng mga suplays na makakatulong po sa pagpapalakas ng ating health system. Kaya naman ho ang Representasyon na ito ay nagagalak rin na marinig na ang ating Chair ay lubos ang commitment sa pag-a-address po ng mga urgent at immediate concerns ng ating mga stakeholders.

Mayroon lang po akong ilang clarificatory questions. Will the Gentleman from Baguio City be open to this interpellation, Mr. Speaker?

REP. GO (M.). Mr. Speaker, I will be honored to answer the questions of Rep. Sarah Elago.

REP. ELAGO. Maraming salamat po. Ang isa pong katanungan ko ay nakalagay po sa inyong presentasyon. Do we have to end the semester now? At sa katunayan, G. Ispiker, maski po ang CHED ay nag-advise na magkaroon na ng pagtatapos ng mga online classes at exams by April 30, ngunit ang kalagayan po sa ating mga institutions of higher education ay ganito.

Just three days ago, Mr. Speaker, may mga nagpadala po sa atin ng liham na nag-uulat, and I quote, "May exam pa po kami online ngayong linggo, May 11-16, 2020. Mangyayari po, if failed ka, INC or incomplete o no grade ang ilalagay sa card mo. Paano naman po iyong wala talagang internet connectivity o gadget?"

Isa pa, G. Ispiker—"I am a fifth year Civil Engineering student and for me, online learning is nothing really—it is not working. It does not really teach us students anything."

"Napakahirap po sa mga taong katulad ko na hindi afford ngayon ang internet o makalabas pa dahil nga sa mga distancing measures at mga public health measures na kailangan nating sundan. Sa gitna po ng pandemya na ito, maski po pang-load ay nahihirapan ako. Ako po ay isang working student at no work, no pay ngayon. Isang rakitero at wala talagang inaasahan na mapagkukunan sa ngayon. Sa totoo lang po, ako po ay nababaon na sa utang."

Ito lamang po ay ang ilan, ano, doon sa mga pinadala po sa atin na concerns na hanggang ngayon po ay nagpapatuloy pa ang online exams sa kabila ng marami po sa mga materials, ni hindi po nila ma-download dahil iyong iba ay kailangan pang lumabas ng kanilang mga subdivision, magpunta sa mga kakilala na may internet

connectivity, mag-risk na lumabas pa ng bahay, at sa gitna ng krisis na ito, dinadala ang ganoong bigat ng pag-iisip kung ano ba ang uunahin. Iyong compliance sa kaniyang online exams ba o iyong kalusugan, ano, na nahihirapan ka na isipin, kung lalabas ka ba sa kabila ng sinabi na dapat huwag nang lumabas?

Ito po iyong mga kalituhan—iyong mga confusion na bumabagabag sa maraming mga estudyante na magpasahanggang ngayon ay humaharap pa sa online exams. Maaari po bang malaman, G. Ispiker, kung ano na po iyong mga interbensyon ng ating komite at ng ating Chairperson hinggil po sa nagpapatuloy pang mga online exams sa kabila po ng advisory na dapat po by April 30, tapos na ang online classes? What about all those students who cannot fully participate digitally and who have not attended their online lectures and classes because of lack of internet connectivity?

REP. GO (M.). Mr. Speaker, marami pong salamat, Congresswoman Elago, sa inyong pagpapaliwanag at sa mga binanggit ninyong mga karanasan na na-experience ng ating mga estudyante. Ako po ay nakikisimpatya sa kanila at sa kanilang mga concerns. Kagaya po ng aking nabanggit, noong ako po ay nag-preside ng meeting natin, na sa ganitong mga problema nila ay gagawa po tayo ng paraan para matulungan natin sila.

Batay po sa isang survey na ginawa, halimbawa sa isang pamantasan, nabanggit nila na maliit na porsiyento lang iyong walang internet connectivity. At the same time, kung wala mang connectivity, ang kanilang nagiging problema, o kung mayroon man silang connectivity, ang kanilang problema ay iyong pambayad ng kanilang data. So, ito ang mga bagay na napagalaman natin sa ating pag-uusap doon sa ating komite at ito ang gusto nating tulungan, itong mga estudyante na hindi kaya and at the same time, sila ay kulang ang kanilang imprastruktura para magampanan nila iyong kanilang tungkulin bilang estudyante dahil dito—dito nga sa ginagawa ng mga iba't ibang mga unibersidad at mga kolehiyo sa kanilang mga estudyante.

Ngayon, kailangang malaman natin, specifically, kung saan itong mga estudyanteng ito at saka tayo ay kakausap sa mga iba't ibang unibersidad, lalong-lalo na sa mga state universities and colleges, para matulungan natin sila. We need to identify these people, kasi ang nabanggit ng ating Chair ng Komisyon, kasi mayroon silang otonomiya iyong bawat unibersidad. So, ang gagawin natin dito, kung ma-identify natin iyong mga problemang iyan sa bawat university, we will call the attention of these universities and at the same time, try to see how this Committee can help these students. Dito sa ating binanggit ngayon, tayo ay mayroong isang panukalang batas na tutulungan itong mga ganitong mga estudyante na nangangailangan ng suporta financially in terms of iyong connectivity nila sa kanilang pag-aaral. So, ito iyong gagawin natin.

REP. ELAGO. Maraming salamat, G. Ispiker. Mayroon po tayong tala nitong mga estudyante na nangangailangan. Hindi lang po mga estudyante, pati din po mga faculty members. Mariin ninyo po—maliwanag ninyo rin pong naipaliwanag at ibinahagi doon sa inyong talumpati ang kalagayan ng ating mga stakeholders, hindi lang iyong mga estudyante, faculty, support personnel, kundi maging ang ating mga institutions of learning na nangangailangan talaga ng ayuda sa panahong ito.

Ngayon, G. Ispiker, ibinahagi rin po ng ating CHTE Chairperson na nag-shift na sa online ang current academic term sa mga eskuwelahan mula po nang magkaroon ng suspension ng klase. Nagbago na po ang moda ng learning. Nagkaroon ng shift sa online classes at ngayon po, hindi lahat ng mga schemes naman sa grading ay nagbago na rin.

Ang mga katanungan po ng ating mga estudyante, paano po natin masusukat ang academic performance ng mga learners sa panahon na sila po ay nasa ilalim ng mga sirkumstansiya na wala sa kanilang kontrol—iyong mabagal na internet, iyong kawalan ng gadget, iyong walang materials, at katulad po ng inyong nasabi, wala pa pong training iyong karamihan ng ating mga faculty sa distance and blended learning? Ganoon din po, hindi po lahat ng mga SUCs at mga private HEIs natin ay handa sa remote at blended na learning. Sa ganitong pamamaraan, may rekomendasyon po ba kayo hinggil sa mga pagbabago sa grading schemes?

Ang nangyayari po kasi ngayon, ipinaubaya na ng CHED sa mga universities and colleges kung paano ang kanilang grading at promotion scheme, samantalang ang panawagan po ng mga estudyante—as for KABATAAN Party-List, we are advocating for a universal promotion system and under this universal promotion system, students could receive credit for all their subjects and a “P” or “Passed” reflected in their transcripts. Ito po ay sa kadahilanan that students now, our learners, are performing and operating under tremendously difficult circumstances beyond their control. Our call is to focus on learning na hindi po doon sa mismong grading numerically and then just work on the preparation to strengthen remedial efforts, na kung paano po natin hahabulin iyong mga dapat pang habulin pagdating sa mga learning capacities and competencies ng ating mga estudyante.

Mr. Speaker, may we know the position of the honorable Chairperson with regard to the promotion or the grading scheme, and the current academic term of our higher education institutions?

REP. GO (M.). Mr. Speaker, thank you for the question, Congresswoman Sarah. You know, many schools have already ended their classes this April and some are just finishing some work. Probably, before the end of this month or middle part of this month, halos

lahat ng klase ay matatapos na iyan. Just like what I had stated earlier, ang desisyon ng ating Commission ay to leave this to the different universities and colleges. There are some colleges na probably might adopt iyong “Pass or Fail,” wala namang fail dito at wala nang numerical grading na ibibigay sa mga estudyante. But moving forward, I think it is really incumbent upon us in the Committee on Higher and Technical Education to review the most effective grading system that we should recommend to the different state universities and colleges in view of the new normal that we will have even after the lifting itong either ECQ or GCQ, so, ito iyong magiging challenge natin. I am very sure that the different state universities and colleges have started looking forward and thinking of what will be the best approach to ensure that we achieve the highest level of quality of education in the respective universities and/or colleges.

So, I am with you that there is really a need to explore your suggestion, that it should be, you know—iyong “Passed” na lang ang ibibigay natin sa kanila. I think some, just like in UP, although they have maintained the grading system for this second semester of School Year 2019 and 2020, but if a college believes that it should be “Passed” at walang numerical grade, we leave that to them as long as there is, you know, information for the Board of Regents to consider.

So, iyon ang position natin diyari. At this point in time, we need to really look deeper into this and the possible ramification of whatever change we will have in terms of the grading system.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, given the urgency of this matter, can we ask the Chairperson if he is willing to include the review of grading and promotion schemes in our upcoming CHED meeting this Thursday, Mr. Speaker?

REP. GO (M.). Yes. Mr. Speaker, I think I would be happy to listen to, you know, to the proponent of this particular proposal and it is good if we can listen, you know, to the pros and cons of this particular proposal. Let me ask,...

REP. ELAGO. Marami pong...

REP. GO (M.). ...have you filed this—related to this one, Congresswoman Sarah?

REP. ELAGO. Yes, Mr. Speaker. We filed a bill on the call for universal promotion policy and ending the current academic term and having a framework for reopening of schools, while we are ensuring that the health, safety and well-being of all learners and educators remain the top priority of our kababayans.

But we have not, you know, filed a bill. It is a resolution calling on the House of Representatives to act on this issue.

REP. GO (M.). Yes, Mr. Speaker, we will schedule this resolution, if not in our next meeting, the week after, I mean, the week after next week or after this week.

REP. ELAGO. G. Ispiker, puwede po bang this week mapakinggan na po natin, para lang din po sa lahat ng hindi pa nagtatapos ang current academic term at lahat po ng extended pa, iyong kanilang confusion, na dahil wala pong malinaw na direksyon na kung ano na ang mangyayari sa kanilang promotion scheme?

Gaano ito ka-urgent, G. Ispiker? Iba-iba po ang hakbang ng universities and colleges na ginagawa tungkol sa promotion at grading. Ang Ateneo, they shortened their semester and they mass promoted their students. So lahat po, may “P” or “Passed” grade na, and then the focus would be on the adult classes and then there is a guarantee that students can also sit-in in subjects that they think kailangan pa po ng mas marami pang pag-aaral o pagkatuto. Ang Mindanao State University, nag-announce na rin po ng mass promotion; pati ang Pamantasan ng Lungsod ng Maynila.

Ang mahirap lang po dito, iyong mga estudyante, nagtatanong din sila paano ito makakaapekto, in the future, kapag sila ay mag-a-apply sa graduate studies, sa kanilang employment, o sa iba pang matters na may kinalaman sa paggamit ng kanilang academic performance.

Katulad po ng nasabi ng ating Chairperson, “education is a great equalizer,” ganoon din po iyong campus. Sa loob ng campus, kayo ay may iisang set ng mga facilities: library, WiFi, Internet connectivity, iisang classroom, amenities na available sa ating mga learners. Ngunit ngayon po iba-iba na iyan—iba-ibang sitwasyon sa kanilang mga bahay, iba-ibang mga nararanasan na sirkumstansya dulot ng kawalan ng trabaho ng kanilang magulang, o kaya naman kapag working student ka, wala kang source of income. So, dahil po sa iba-ibang mga circumstances na iyan ay talagang marami pong nananawagan, at ang kabataan po ay nananawagan ng isang nationally-coordinated response sa education. Hindi lang kailangan ang learning modes ang magbago. Dahil nagbago ang learning modes, kailangan rin po ng mga pagbabago pagdating sa kung paano natin tinitingnan ang pagbibigay ng grado sa ating mga estudyante.

Iyon lamang po, G. Ispiker. Hangad ko at nananawagan ako sa ating CHTE Chairperson na pakinggan ang hamon ng ating learning community na pag-usapan na ang grading at promotion schemes sa mga eskuwelahan na apektado ng kinakaharap nating krisis ng COVID-19 pandemic.

Maraming salamat, G. Ispiker, at kay CHTE Chair, Cong. Mark Go.

REP. GO (M.). Maraming salamat, Mr. Speaker, and Cong. Sarah Elago.

I would assure you that if we cannot discuss this on Thursday, we will do it next week because we have a joint committee meeting with the Committee on Basic Education this Thursday and this is not part of the agenda. But in our next week’s meeting, I would like to assure you that we will include this resolution of yours in the discussion. Thank you.

REP. ELAGO. Alright, thank you, Mr. Speaker. Kung next week na po pag-usapan iyong sa grading, puwede po ba na sa darating na Thursday, pag-usapan po natin kung ano po iyong kapalaran noong mga hindi makakapag-online exam this week? Hindi naman po natin gustong sabihin na lumabas pa sila o mag-risk pa po sila ng kanilang kalusugan dahil lang po sa hindi sila makapag-online exam, at ma-lift na po iyong confusion and iyong burden noong pagaalala at pressure sa kanila, sa ating mga kababayan na learners.

REP. GO (M.). Mr. Speaker, puwedeng isama natin iyan sa “other matters” para ma-discuss natin initially, but iyong na-suggest mong resolution, we will discuss this probably next Thursday. Definitely, your suggestion that we can initially discuss, as far as this semester in terms of the grading, puwede nating pag-usapan iyan this coming Thursday. We will include it in the “other matters.”

